Pangalan: Abdulqader Bongcales
Paksa ng Khutbah: “Ang Taqwa”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 26, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ang paksa po natin sa araw na ito ng Jumu’ah ay patungkol sa TAQWA. Ano nga ba ang ibig sabihin ng TAQWA? At ano ba ang kahalagahan at kabutihang makukuha natin mula rito bilang mga mananampalatayang Muslim?

Ang Taqwa ay ang pagkakaroon ng tunay na pagkatakot kay Allah (Subhanahu wa Ta’ala) sa pagsunod sa lahat ng Kanyang mga ipinag-uutos at paglayo sa lahat ng Kanyang mga ipinagbabawal.

Ang sabi ng ating mga ‘Ulama o mga pantas sa pananampalatayang Islam, ang Taqwa ay:

"هُوَ أَنْ تَجْعَلَ بَيْنَكَ وَبَيْنَ عَذَابِ اللهِ وِقَايَة."

“*Ito ay ang maglagay ka ng harang sa pagitan mo at sa pagitan ng parusa ni Allah - ang Impiyernong Apoy na naglalagablab.”*

Ang Taqwa ay nagsisilbing panangga sa atin upang tayo ay makaiwas sa paggawa ng mga gawaing kasalanan at mga pagsuway sa ating Dakilang Tagapaglikha. Kapag inalis natin ang Taqwa sa ating mga sarili, ang mangyayari ay madali tayong makagawa ng mga gawaing kasalanan at mga pagsuway kay Allah.

Nakakalungkot isipin na iilan lang ang nakakaalam ng kahalagahan ng Taqwa. Alam ba natin na ang lahat ng ginagawa nating pagsamba mula sa pagsasagawa ng Salah, pag-aayuno, pagbibigay ng Zakah at pagsasagawa ng Hajj ay wala itong dahilan maliban lamang sa isang bagay at ito ay ang TAQWA o Ang Tunay na Pagkatakot natin kay Allah.

Ang sabi ni Allah:

﴿وَتَعَاوَنُوا عَلَى الْبِرِّ وَالتَّقْوَى وَلا تَعَاوَنُوا عَلَى الإِثْمِ وَالْعُدْوَانِ وَاتَّقُوا اللَّهَ إِنَّ اللَّهَ شَدِيدُ الْعِقَاب﴾
المائدة: 2

***"At magtulungan kayo sa paggawa ng kabutihan at sa pagkatakot kay Allah at huwag kayong magtulungan sa paggawa ng kasamaan at mga pagsuway kay Allah at katakutan ninyo si Allah, sapagkat Siya ay masidhi kung magbigay ng parusa."*** (Al-Maidah 5:2)

Kaya't napakahalaga na pangibabawin natin palagi sa ating mga sarili ang Taqwa o ang tunay na pagkatakot kay Allah upang ito ang magiging panangga sa atin upang makaiwas tayo sa paggawa ng mga ipinagbabawal at pagsuway kay Allah.

Mga kapatid sa Islam, lagi nating isa-isip ang Taqwa o ang tunay na pagkatakot natin kay Allah sapagkat ito ang nagiging daan upang maisakatuparan ang ating mga 'Ibadah o Pagsamba kay Allah. Hindi natin maisasakatuparan ang ating mga 'Ibadah kung wala sa atin ang tinatawag na Taqwa. Lagi nating alalahanin na ang pagkatakot natin kay Allah ay kahit saan man tayo naroroon. Sinabi ni Allah:

﴿ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ ٱتَّقُواْ ٱللَّهَ وَلۡتَنظُرۡ نَفۡسٞ مَّا قَدَّمَتۡ لِغَدٖ ﴾ الحشر: 18

***"O kayong mga naniniwala katakutan ninyo si Allah at tingnan ninyo ang inyong mga gawain na ihaharap ninyo kay Allah sa kabilang-buhay."*** (Al-Hashr 59:18)

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, si ‘Ali Ibn Abi Talib (radhiyallahu ‘anhu) ay nagwika patungkol sa Taqwa, kanyang sinabi:

"التَّقْوَى هِيَ الخَوْفُ مِنَ الجَلِيلِ، وَالعَمَلُ بِالتَّنْزِيلِ، وَالقَنَاعَةُ مِنَ القَلِيلِ، وَالاِسْتِعْدَادُ لِيَوْمِ الرَّحِيلِ."

1. ***Ang Taqwa ay ang pagkatakot kay Allah.*** Katakutan natin Siya saan man tayo naroroon. Lagi nating isipin na kahit walang nakakakita sa atin, si Allah ay batid Niya ang lahat ng ating ginagawa.

2. ***Pagsasabuhay kung ano ang ibinaba ni Allah sa Qur-an.*** Sundin natin ang ipinag-uutos ni Allah at iwasan ang Kanyang mga ipinagbabawal.

3. ***Ang pagkakuntento sa kaunting biyaya.*** Anumang biyayang dumating sa atin, marami man o kaunti ay magpasalamat tayo kay Allah at makuntento tayo kung ano ang ibinigay Niya sa atin.

4. ***At ang paghahanda para sa Araw ng Paghuhukom.*** Ang pagpaparami ng gawaing kabutihan ang dapat nating pinagkakaabalaha habang nabubuhay pa tayo, sapagkat kapag binawian na tayo ng buhay ay matatapos na ang oras natin sa paghahanda sa Araw ng Paghuhukom at tanging ang mga gawa lamang natin ang magiging baon natin sa loob ng ating libingan. Kaya’t habang buhay pa tayo ay pagsikapan natin na lagi tayong nasa paggawa ng kabutihan upang makamtan natin ang tunay na kaligayahan na walang hanggan - Ang Paraiso ni Allah sa kabilang-buhay. Allahumma Ameen.

Bilang panghuli, sinabi ni Allah sa Marangal na Qur-an:

﴿ وَمَن يَتَّقِ ٱللَّهَ يَجۡعَل لَّهُۥ مَخۡرَجٗا (2) وَيَرۡزُقۡهُ مِنۡ حَيۡثُ لَا يَحۡتَسِبُ (3) ﴾ الطلاق: 2-3

"***At sinuman ang tunay na may takot kay Allah ay ibibigay sa kanya ang lunas sa kanyang mga suliranin at bibiyayaan pa siya ng mga biyaya na hindi niya ito kayang bilangin.”*** (At-Talaq 65:2-3)

Sinuman ang dumanas ng kahirapan sa buhay at mga suliranin at nakakaramdam ng paghihirap dito sa Mundo at isabuhay lamang niya ang diwa ng

TAQWA ay ipagkakaloob ni Allah sa kanya ang lahat ng sagot sa kanyang suliranin at bibiyayaan pa siya ng mga biyaya na hindi niya kayang bilangin. Allahu Akbar!!!

Mga minamahal na kapatid sa Islam, pagkatapos nating marinig ang Khutbah na ito ay kinakailangan nating isapuso at isabuhay ito sa ating mga sarili, at pagkatapos ay ituro din natin ito sa ating mga mahal sa buhay, kung tunay tayong naghahangad ng tagumpay dito sa Mundo hanggang sa kabilang-buhay. Huwag tayong gumaya sa ibang tao na pagkatapos nilang marinig ang mga Salita ni Allah at ng Kanyang Sugo ay binabaliwala lamang nila ang mga ito at hindi ito nakapagbibigay ng anumang kabutihan sa kanilang mga sarili.

Lagi nating isipin at tanungin ang ating sarili sa mga katanungang ito:

"Kung sakali ba na kunin na sa atin ni Allah ang ating buhay ngayon, kaya na ba nating harapin ang Dakilang Tagapaglikha na si Allah (Subhanahu wa Ta'ala)?"

"Sapat na ba ang ating mga nagawang kabutihan para sa napakahabang paglalakbay pagkatapos ng ating kamatayan?"

"Humingi na ba tayo ng kapatawaran kay Allah para sa lahat ng ating nagawang kasalanan at sa mga tao na nagawan natin ng kasalanan?"

Habang nabubuhay pa tayo mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ay may pag-asa pa tayong magbalik-loob kay Allah at isabuhay ang tunay na kahulugan at diwa ng TAQWA at mamuhay tayo ng ayon sa pamamaraang kinalulugdan sa atin ni Allah (Subhanahu wa Ta'ala).

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.
عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***